Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG INTERYOR AT LOKAL NA PAMAHALAAN
DILG-NAPOLCOM Center, EDSA corner Quezon Avenue, West Triangle, Quezon City
http://www.dilg.gov.ph

DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT
OFFICIAL RELEASED
Signature Mia
Date 07-03-18
Time 9:45 AM
RECORDS SECTION

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

Memorandum Sirkular Bilang 2018-101
July 3, 2018

---

## 1.0 Sanligan

Alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang mangunguna sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa na idinaraos tuwing 1-31 ng Agosto. Ang paksang-diwa ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa sa taong ito ay "Filipino Wika ng Saliksik".

## 2.0 Layunin

Ang Komisyon sa Wikang Filipino ay magpapatupad ng isang buwang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tungo sa mahusay at dekalidad na paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng mga kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, at instrumentalidad ng pamahalaan.

## 3.0 Saklaw

Lahat ng Punong Lalawigan, Punong Lungsod, Punong Bayan, Punong Barangay, Punong Panrehiyon ng ARMM, Direktor Panrehiyon ng DILG at iba pang kinauukulan

## 4.0 Alituntunin at Patakaran

4.1 Ang lahat ng Punong Lalawigan, Punong Panlungsod, Punong Bayan at Punong Barangay ay inaatasan na:

4.1.1 Ganap na maipatupad, ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;

4.1.2 Makiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa para maitaas ang kamalayang pangwika at sibiko;

4.1.3 Magsagawa ng mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa upang maganyak ang mga mamamayang Filipino na aktibong makilahok sa pagdiriwang at pahalagahan ang wikang pambansa; at

4. 2 Ang mga Director Panrehiyon ng DILG at Punong Panrehiyon ng ARMM ay inaatasan rin na dagliang ipalaganap and direktibang ito sa kani-kanilang nasasakupan.

## 5.0 Sanggunian

5.1 Liham mula kay Bb. Anna Katarina B. Rodriguez, Director Heneral/OIC-Tagapangulo

5.2 Pampanguluhang Proklamasyon 1041, petsa Hulyo 15, 1997

## 6.0 Bisa ng Memorandum Sirkular

Ang Memorandum Sirkular na ito ay kaagad ipapatupad.

## 7.0 Pagsang-ayon ng Awtoridad

**EDUARDO M. AÑO**
Pinuno sa Katungkulan

DILG-OSEC 07012016-21686

## 8.0 Komentaryo

Para sa karagdagang detalye at iba pang katanungan maaaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Edukasyon at Networking ng KWF, 2P Gusali Watson, 1610 Kalye J. P. Laurel, Malacanang, Complex, San Miguel , o tumawag kay John Enrico C. Torralba, sa Telepono Blg. (02) 736-2519 o mag-email na komfil@kwf.gov.ph o komisyonsawikangfilipino@gmail.com

BLGS:PCMD
MRF:NF